



BC Cancer Agency

CARE + RESEARCH

An agency of the Provincial Health Services Authority



Naaangkop ba ang Colon Screening Para sa Iyo?

Ang colon cancer ay isa sa mga karaniwang ma-diagnose na uri ng cancer, na apektado ang isa sa anim na tao sa British Columbia.

Ang mga babae at lalaki na 50-74 taon gulang ay dapat na ma-screen para sa colon cancer.

Ang screening ng colon cancer ay magliligtas ng mga buhay sa dalawang mahalagang paraan:

- Maaaring maiwasan ang colon cancer sa screening sa pamamagitan ng paghanap at pagtanggal ng polyps bago maging cancer ang mga ito. Ang polyps ay maliliit na butlig na maaaring tumubo sa colon o rectum, kadalasan ay walang mga sintomas sa maagang yugto ng pagtubo.
- Ang mas maagang pag-screen ay maaaring matuklasan kaagad ang cancer. Nangangahulugan ang maagang pagtuklas ng mas maraming mga opsyon sa paggamot at mas mahusay na mga resulta.

Ang screening ay inirekomenda lamang para sa mga taong hindi pa nakakaranas ng mga sintomas ng colon cancer.

Maaaring kabilang sa mga sintomas ang dugo sa iyong dumi, sakit ng tiyan, pagbabago ng mga gawi sa pagdumi, o pagbaba ng timbang. Kung nakakaranas ka ng ganitong mga sintomas, kausapin ang doktor mo para sa isang referral sa diagnostic testing upang matukoy ang sanhi ng mga sintomas na ito.

Ang Colon Screening Program

Ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ay irerehistro ka sa Colon Screening Program kapag binigyan ka niya ng isang lab requisition form upang kunin ang iyong fecal immunochemical test (FIT) o ini-refer ka para sa colonoscopy.

Kapag nakarehistro ka sa program ay ipapadala sa iyo ang FIT results sa koreo at susubaybayan ang progreso ng iyong screening upang matiyak ang kalidad at kaligtasan. Ang Colon Screening Program ay magpapadala din sa iyo sa koreo ng paalala kapag oras na upang magpa-test uli.

Sino ang kailangan ma-screen para sa colon cancer?

Mga Babae at mga Lalaki na nasa edad na 50-74

Dapat ma-screen kada dalawang taon gamit ang fecal immunochemical test (FIT).

Mga Babae at mga Lalaki, 50-74 taon gulang

Na mayroong kasaysayan ang pamilya o sariling kasaysayan na nagkaroon ng (mga) adenoma.

Ang colonoscopy ay inirekomenda bawat limang taon para sa mga taong kabilang sa mga sumusunod:

- May isang first degree na kamag-anak (ina, ama, kapatid, o anak) na na-diagnose na may colon cancer na mababa sa edad na 60; o,
- May dalawa o higit pang mga first degree na kamag-anak na may colon cancer na na-diagnose anumang edad; o kaya,
- May sariling kasaysayan ng (mga) adenoma.

Kung mayroon kang sariling kasaysayan ng colon cancer, ulcerative colitis o Crohn's disease:


Dapat kang magpatuloy na kumuha ng pangangalaga mula sa iyong doktor dahil mayroon kang mga indibidwal na pangangailangan na di matutugunan ng isang pangkalahatang approach sa screening.

Mga bagay na dapat isaalang-alang:

Habang ang regular screening ay ang pinakamahusay na paraan ng pag-detect ng mga unang palatandaan ng cancer, walang perpekto na screening test:

- Ang screening ay maaaring humantong sa mga karagdagang tests upang matukoy ang dahilan ng isang abnormal na screening result. Pero hindi ito nangangahulugan na mayroong cancer. Karamihan ng mga tao na tinawagan upang bumalik para sa mga karagdagang tests ay di magkakaroon ng cancer.
- Ang ilang uri ng cancer ay maaaring walang anumang sintomas o epekto sa haba ng buhay o kalidad ng

Ano ang dapat mong malaman



buhay. Gayunpaman, ayon sa pananaliksik, karamihan ng mga colon cancer ay mapanganib kaya dapat na matukoy at magamot nang maaga.

- Maaaring irekomenda ang colonoscopy para sa mga high risk na pasyente o matapos ang isang abnormal FIT result para sa isang average risk na pasyente. Maaaring mayroong mga panganib sa colonoscopy tulad ng pagdurugo at pagkabutas ng bituka, at sa bihirang kaso ay ang pagkamatay.

Ang Screening Tests

Mayroong dalawang uri ng screening tests para sa colon cancer – ang fecal immunochemical test (FIT) para sa average risk na mga indibidwal at colonoscopy para sa mga taong nasa mas mataas ang risk ng colon cancer. Kausapin ang iyong doktor upang malaman kung anong test ang angkop para sa iyo.

Fecal Immunochemical Test (FIT)

Ang FIT ay isang test na maaari mong gawin sa bahay mo. Makikita dito kung may dugo sa iyong stool (dumi) na maaaring palatandaan ng polyps o maagang yugto ng cancer. Upang makumpleto ang test:

- 1** Kausapin ang iyong doktor at magtanong tungkol sa FIT. Kung ikaw ay eligible o karapat-dapat para sa screening, bibigyan ka ng doktor mo ng isang order form para sa libreng FIT kit.
- 2** Dalhin ang iyong order form sa isang itinalagang lab, at kunin ang iyong test kit. Tingnan ang www.screeningbc.ca para sa listahan ng mga kalahok na lab.
- 3** Gawin ang pag-test sa bahay mo ayon sa mga tagubilin ibinigay sa test kit. Walang espesyal na preparasyon na kailangan. Maaari mong kainin ang iyong mga karaniwang pagkain at inumin ang iyong mga gamot.

- 4** Ibalik ang iyong sample sa lab. Ang sample mo ay dapat na ibalik sa lab sa loob ng pitong araw pagkakuha ng test.
- 5** Ang resulta ng test ay ipapadala sa iyo, sa doktor mo at sa BC Cancer Agency.
- 6** Kung di-normal ang resulta ng iyong test, ikaw ay ire-refer sa patient coordinator sa komunidad mo. Ang isang abnormal result ay hindi nangangahulugan na ikaw ay may cancer. Nangangahulugan lamang ito na may nakitang dugo sa iyong dumi. Kausapin ka ng patient coordinator tungkol sa resulta ng test mo at magrekomenda ng follow up testing. Madalas na colonoscopy ang inirerekomenda.

Colonoscopy

Kung mayroon kang sariling kasaysayan ng (mga) adenoma o isang kasaysayan ng pamilya sa colon cancer, maaaring deretso na i-refer ka ng doktor mo para sa colonoscopy. Maaari ka ring i-refer para sa colonoscopy matapos ang isang abnormal FIT. Sa parehong kaso, kausapin ka ng patient coordinator sa iyong komunidad tungkol sa pamamaraan o procedure na ito.

Ang colonoscopy ay isang pamamaraan kung saan ang isang doktor ay gumagamit ng isang pleksibleng tube na may nakakabit na maliit na camera upang makita ang loob lining ng iyong rectum at colon. Sa panahon ng pag-test, makikita ng doktor kung may polyps at cancer. Pwedeng alisin ang karamihan ng polyps habang isinasagawa ang colonoscopy.

Kontakin kami:

Colon Screening Program
801–686 West Broadway,
Vancouver, BC V5Z1G1
1-800-663-9203
www.screeningbc.ca/colon